LIBRENG GABAY · REYNARIE PORTES

20 tanong para sa inyong mga magulang

Mga tanong para sa unang pag-uusap kay Nanay at Tatay, o kay Lola at Lolo. Hindi kailangang sundin ang pagkakasunod-sunod: pumili ng ilang tanong bawat usapan, at sundan ang kuwento kung saan man ito pumunta.

BAGO KAYO MAGSIMULA

- I-record ang usapan gamit ang cellphone. Itanong muna kung pumapayag sila.
- Hayaan silang magkuwento sa sariling wika: Tagalog, Bikol, Ilokano, Bisaya, o halo-halo.
- Magdala ng lumang larawan. Pagkatapos ng bawat sagot, itanong: “Tapos po, ano ang nangyari?”
- Huwag pilitin ang masasakit na alaala. Sila ang magpapasya.

PAGKABATA

1 Saan po kayo ipinanganak, at ano ang itsura ng bahay na kinalakhan ninyo?

2 Sino-sino ang nakatira sa bahay ninyo noon, at sino ang nag-aalaga sa inyo?

3 Ano ang inihahain sa inyo kapag may okasyon, at ano naman sa karaniwang araw?

4 Anong mga gawain ang kailangan ninyong gawin noong bata pa kayo?

5 Ano ang pinakauna ninyong alaala?

KABATAAN

6 Ano ang naaalala ninyo sa inyong paaralan, at paano kayo nakakarating doon?

7 Sino ang matalik ninyong kaibigan noon?

8 Ano ang pangarap ninyo noong kabataan ninyo?

9 Paano ninyo nakilala ang taong pinakasalan ninyo?

TRABAHO AT PAG-ALIS

10 Ano ang una ninyong trabaho, at saan ninyo ginamit ang una ninyong sahod?

11 Kinailangan ba ninyong umalis para magtrabaho, sa ibang lungsod o sa ibang bansa? Paano ang pamamaalam?

12 Ano ang pinakamahirap na panahon sa buhay ninyo, at ano ang nagpatatag sa inyo noon?

13 Ano ang pinakaipinagmamalaki ninyo sa inyong trabaho?

PAMILYA

14 Ano ang naramdaman ninyo nang ipanganak ang una ninyong anak?

15 Anong mga kuwento ang ikinuwento sa inyo ng inyong mga magulang at ng inyong lolo at lola?

16 Aling mga pista, kaugalian o lutuin ang gusto ninyong ipagpatuloy ng pamilya?

17 May tao pa bang gusto ninyong pasalamatan, at para saan?

PAGBABALIK-TANAW

18 Kung mauulit, ano ang gagawin ninyo nang iba?

19 Ano ang gusto ninyong malaman ng pamilya tungkol sa inyo na baka hindi pa nila alam?

20 Ano ang gusto ninyong ipabaon sa inyong mga apo?

Mula sa may-akda ng Sa Maliit na Bintana

Isinulat ni Reynarie Portes ang mga tanong na ito mula sa sarili niyang karanasan sa pagsulat ng kanyang aklat, ang kuwento ng kanyang pagkabata sa Libmanan.

reynarie.com

Buong gabay: reynarie.com/paano-isulat-ang-kuwento-ng-buhay/